# Mini city hall, ilalagay sa mga distrito sa QC – Mayor Joy B

Maglalagay ang Quezon City government ng mga mini city hall sa mga distrito sa lungsod.

Ayon ito kay QC Mayor Joy Belmonte na naglalayong ma-decentralized ang mga proseso ng mga papeles sa QC hall at tuloy hindi na magtungo pa sa city hall ang mga tagalungsod para magbayad ng buwis o makakuha ng kailangang dokumento.

"We can start by requesting our city councilors to rationalize the Novaliches District Center and add more plantilla positions", pahayag ni Belmonte.

Una rito, nagkaroon na ng kasunduan si Belmonte sa pagitan ng Robinsons Malls upang magamit ding lugar ang naturang mga malls sa pagbabayad ng buwis at iba pang transaksiyon sa lokal na pamahalaan.

Iniulat din ni Belmonte na nasa proseso na ang pag-digitilize ng mga dokumento ng iba't ibang mga departamento upang agad makakuha ng impormasyon ang mga tagalungsod online. *(Angie dela Cruz)*